# Apo Hiking Society, Magkikita Rin Tayo

Di ko na mapigil ang aking pang gigil
Ako'y natutuwa sayong mapupulang pisngi
Ngunit bago ako matuluyan ng husto
Pakinggan sanang awit ko sayo

Bwisit na bwisit at inis na inis ako
Pag di ka makita ng isang linggo
Di lang nagagalit at nagiging masungit
Nagkakalat pa ako dahil sayo

O giliw pakinggan ang daing ko
Pagkat malapit na akong maloko
Buong gabi at araw nasa isip koy ikaw
Kayat akoy laong bumababaw

Lagi na lang nagdarasal na sanay lumindol
O di kayay umulan ng apoy at ng alkohol
hayaan mong matunaq at magunaw ang mundo
Basta't sa islay magkasama tayo